



9. Taniman ang kabilang “*plot*” ayon sa mga sumusunod na *cropping pattern*:
- | Klasipikasyon ng Gulay | Panahon ng pagtatanim |
|--|---|
| <i>Early maturing vegetable</i>
(kamatis, beans) | Kapag namumulaklak na ang unang itanim, magtanim ng kasunod na halaman o gulay sa nakareserbang tudling o <i>plot</i> |
| <i>Semi-annual vegetable</i>
(ampalaya, kalabasa) | Kapag ang tanim ay apat na buwan na, magtanim ng kasunod na pananim o <i>relay crops</i> |
| <i>Annual vegetable</i>
(siling labuyo, talong, okra) | Kapag ang tanim ay limang buwan na, magtanim ng kasunod na pananim o <i>relay crops</i> |

10. Ugaliing magpalit-tanim o *crop rotation* para mapanatili ang taba o sustansya ng lupa at mapigilan o maputol ang pagdami ng peste at pagkalat ng sakit ng halaman.



Iba pang paraan ng pagsasaayos ng mga pananim sa garden

Ang magsisilbing tanim sa pagitan ng bawat uri ng tanim ay mga halamang nakapagpapagaling o *Medicinal Plant* at mga halaman na nakakapagtaboy ng mga insekto o *Insect Repellent* gaya ng Oregano, Amarillo, Marigold at tanglad.



Pinagkuhanan ng Teknolohiya



Mindanao Baptist Rural Life Center
Brgy. Kinuskusan, Bansalan
Davao del Sur

Inilimbag sa Tagalog ng:



AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE
Regional Training Center—MIMAROPA
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro




@atimimaropa


dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph


www.ati.da.gov.ph/ati-4b



Ano ang FAITH garden?



Ang *Food Always In The Home* (FAITH) garden ay konseptong binuo ng Mindanao Baptist Rural Life Center (MBRLC) kung saan isinusulong ang pagkakaroon ng taniman

ng gulay sa kanya-kanyang tahanan. Ang ganitong uri ng pagtanim ng gulay ay nakapagbibigay ng protina, bitamina at mga mineral na kinakailangan ng isang pamilya na may limang miyembro. Ito din ay nakadiseno upang makapagbigay ng ani ng gulay sa buong taon.

Kagandahan ng mayroong taniman sa bakuran

- Mapapababa ang gastos ng pamilya para sa pagkain dahil libre na ang suplay ng gulay
- Pampalipas ng oras at magandang uri ng ehersisyo at nakakabawas din ng *stress*
- Mapaglalapit ang bawat miyembro ng pamilya
- Makasisiguro na ang gulay sa ating taniman ay masustansiya, ligtas at maganda ang kalidad
- Dagdag kita para sa pamilya


Karamihan sa mga Filipino ay hindi:

- Kumakain ng 300 gramo ng gulay kada araw o 32.4 kilo ng gulay kada taon.
- Umiinom ng isang (1) baso ng gatas kada araw.
- Kumakain ng 50-100 gramo ng karne kada araw.

Sampung Hakbang sa paggawa ng FAITH garden


1. Humanap ng pinakamagandang lugar na pagtataniman.

Mga dapat isaalang-alang sa paggawa ng FAITH garden




- Ang mga tanim ay nakaayos sa silangan papuntang kanluran at nasisikatan ng araw
- May mapagkukunan ng tubig
- Mataba ang lupa
- May bakod


2. Maglaan ng sapat na espasyo at kung kinakailangan ay sa bakuran lamang upang maproteksyunan laban sa mga ligaw na hayop na maaaring makapanira sa taniman.



3. Ihanda ng maayos ang lupang taniman. Hukayan ng 6 - 8 pulgada at itaas ang lupa ng 4 -6 na pulgada.



4. Lagyan ng abono ang taniman gamit ang kompos o organikong pataba. Ilagay ang lahat ng nabubulok na bagay gaya ng dahon, damo at dumi ng hayop sa kompos basket na gawa sa kawayan na magsisilbing dagdag pataba sa lupa.



5. Ihanda at taniman ang ikatlong bahagi ng garden ng mga pananim na madaling bumunga at anihan gaya ng kamatis, pechay, mustasa, upland kangkong at iba pang madahong gulay.
6. Taniman ang ikalawang bahagi ng taniman ng mga halaman na hindi gaano katagalan mamunga at anihan gaya ng okra, talong, kalabasa at ampalaya.
7. Taniman ang ikatlong natitirang bahagi ng taniman ng mga halaman na pang matagalan gaya ng patani, alugbati at kadyos.
8. Taniman ang paligid ng mga permanenteng tanim gaya ng mga saging, papaya, pinya, sinturis at malunggay.

